# Mahalagang Impormasyon sa Medi-Cal Kung Gumagamit Ka ng Pangangalaga sa Pasilidad ng Narsing o Kumukuha ng Pangangalaga sa Tahanan

May mga espesyal na alituntunin ang Medi-Cal tungkol sa iyong kita kung gumagamit ka ng pangangalaga sa pasilidad ng narsing. Kabilang rito ang pagkuha ng pangangalaga sa isang pasilidad ng narsing, o sa iyong sariling tahanan.

## ► Basahin Ito Kung Ikaw ay Walang Asawa at Gumagamit ng Pangangalaga sa Isang Pasilidad ng Narsing.

Bawat buwan, ang karamihan sa iyong kita ay mapupunta sa iyong pasilidad ng narsing o patungo sa iyong pangangalaga ng nasing. Maaari mong itabi ang $35 bawat buwan para sa mga personal na pangangailangan.

## ► Basahin ito kung:

- **Gumagamit Ka ng Pangangalaga sa Pasilidad ng Narsing at ang Iyong Asawa o Rehistradong Domestikong Kapareha ay Nakatira sa Tahanan.**
- **Nag-a-apply Ka Para sa Isang Naka-base sa Bahay at Komunidad na Waiver na Programa at ang Iyong Asawa o Rehistradong Domestikong Kapareha ay Nakatira sa Tahanan.**

May mga espesyal na alituntunin na maaaring magpahintulot sa iyo na ilipat ang ilan o ang lahat ng iyong kita sa iyong asawa o nakarehistrong domestikong kapareha. Ang tawag dito ay “Mga Alituntunin sa Spousal Impoverishment.”

Nakakatulong ang mga alituntuning ito na matiyak na may sapat na pera ang taong nasa bahay upang mabuhay. Makakatulong rin ang mga ito sa iyo at sa iyong asawa o nakarehistrong domestikong kapareha na maging kwalipikado para sa libreng Medi-Cal.

- Upang maging kwalipikado sa 2025, ang kita ng iyong asawa o nakarehistrong domestikong kapareha ay karaniwang kailangang mas mababa sa $3,948 bawat buwan.
- Maaari ka pa ring maging kwalipikado kung ang iyong asawa o nakarehistrong domestikong kapareha ay kumikita ng higit sa $3,948 bawat buwan. Nangyayari ito kung ang iyong asawa o nakarehistrong domestikong kapareha ay nangangailangan ng higit pa sa iyong kita upang bayaran ang pagkain o pangangalagang pangkalusugan, panatilihin ang inyong tahanan, o alagaan ang isang direktang miyembro ng pamilya na may kapansanan.

## May Mga Tanong o Nais ng Karagdagang Impormasyon?

**Tawagan kami o bisitahin ang tanggapan ng Medi-Cal sa iyong lokal na lalawigan.**

- Tumawag sa Medi-Cal Helpline:
  **(800) 541-5555**
- Hanapin ang numero ng telepono at address para sa tanggapan sa iyong lalawigan:
  **dhcs.ca.gov/COL**

**Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Area Agency sa Pagtanda.** Nagbibigay sila ng libreng tulong upang mag-coordinate ng mga serbisyo para sa mga matatanda sa bawat rehiyon ng California.

- Tumawag upang makahanap ng mga serbisyo sa iyong lalawigan:
  **(800) 510-2020**
- Pumunta online upang makahanap ng mga serbisyo sa iyong lalawigan:
  **aging.ca.gov/Find_Services_in_My_County/**

**Makipag-ugnayan sa Opisina Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga sa California.** Nagbibigay sila ng libreng tulong para sa mga tao sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na may mga isyung may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na pangangalaga, kalusugan, kaligtasan, mga karapatan, at higit pa.

- Matuto tungkol sa mga serbisyo mula sa Ombudsman: **aging.ca.gov/Programs_and_Services/Long-Term_Care_Ombudsman/**

## MAHALAGANG BAGONG BATAS SIMULA 2024

Hindi na binibilang ng programa ng Medi-Cal ang iyong mga asset kapag tinutukoy kung elihible ka para sa mga benepisyo. Nangangahulugan ito na hindi mo kailangang i-ulat ang iyong mga account sa bangko, mga sasakyan, o mga ari-arian.

Ang programa ng Medi-Cal ay hindi pinapayagang tanungin ka tungkol sa iyong mga asset.

Kailangan mo pa ring i-ulat ang lahat ng iyong mga kita sa iyong manggagawa sa lalawigan. Kabilang rito ang kita mula sa mga trabaho, suporta sa anak at asawa, mga benepisyo sa pagreretiro at kapansanan sa Social Security, kita sa pagpapa-upa, at higit pa.